Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Bulakan
Lungsod ng Malolos

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD

HANGO SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD NG MALOLOS NA GINANAP SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIAN (ANNEX), IKA-LIMANG PALAPAG NG BAGONG GUSALI NG PAMAHALAANG LUNGSOD NG MALOLOS NOONG IKA-14 NG DISYEMBRE, 2020.

MGA DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG.NOEL G. PINEDA | Pang. Punong Lungsod<br>Tagapangulo |
| KGG.FRANCISCO J. CASTRO | Kasangguni |
| KGG.NINO CARLO C. BAUTISTA | " |
| KGG. KIRK LOUIS NICOLAS | " |
| KGG.MICHAEL M. AQUINO | " |
| KGG. ENRICO C. CAPULE | " |
| KGG.DENNIS D. SAN DIEGO | " |
| KGG. EMMANUEL R. SACAY | " |
| KGG.EDGARDO F. DOMINGO | " |
| KGG.LUIS ALFONSO M. ARCEGA | " |
| KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO | " |
| KGG. DIONISIO C. MENDOZA | ABC President |
| KGG. PATRICK S. DELA CRUZ | SK President |

ANG LAHAT AY NAKADALO:

---

**KAPASIYAHANG PANLUNGSOD BLG. 271-2020**

**ISANG KAPASIYAHANG PANLUNGSOD NA NAGPAPATIBAY SA ANNUAL INVESTMENT PROGRAM (AIP) NA NAGKAKAHALAGA NG DALAWANG BILYON, ANIM NA RAAN AT LIMAMPU'T SIYAM NA MILYON, APAT NA RAAN WALUMPU'T LIMANG LIBO, LIMANG DAAN PITUMPUNG PISO AT PITUMPU'T WALONG SENTIMO (PHP2,659,485,570.78) AT DALAWAMPUNG BAHAGDAN (20%) DEVELOPMENT FUND NA NAGKAKAHALAGA NG ISANG DAAN ANIMNAPU'T PITONG MILYON, DALAWANG DAAN AT LABING ANIM NA LIBO, ANIM NA RAAN DALAWAMPU'T DALAWANG PISO AT WALUMPUNG SENTIMO (PHP167,216,622.80) NG PAMAHALAANG LUNGSOD NG MALOLOS PARA SA TAONG 2021.**

**Akda nina: KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA, KGG. ENRICO C. CAPULE, KGG. NOEL G. PINEDA, KGG. FRANCISCO J. CASTRO AT KGG. DENNIS D. SAN DIEGO**

**SAPAGKAT,** ang paghahanda ng Annual Investment Plan (AIP) at 20% Development Plan ay naka-angkla sa Art. 182 of Rules XXIII ng IRR ng Republic Act 7160 o' mas kilala sa taguring Local Government Code of 1991, na ang lahat ng Pamahalaang Lokal ay kinakailangan magsumite ng AIP kasama ang 20% Development Fund;

**SAPAGKAT,** ang City of Malolos Development Council (CMDC) ay nagpatibay ng isang Resolution No. 14-2020, "A Resolution endorsing the revised Annual Investment Program (AIP) and the allocation of 20% Development Fund for FY 2021 of the City Government of Malolos;

**SAPAGKAT,** ang Annual Investment Program (AIP) para sa taong 2021 ay inihanda ng City of Malolos Development Council (CMDC), kaagapay ang Tanggapan ng Panlungsod na Pagpaplano at Pagpapaunlad at isinumite sa Dakilang Kapulungan para sa kaukulang pagrerepaso;

**SAPAGKAT,** ang AIP ay kinapapalooban ng mga programa at proyektong pangkaunlaran na tutustusan para sa taong 2021 at bahagi din nito ang 20% Development Fund ng Taunang Badyet ng Pamahalaang Lungsod;

**SAPAGKAT,** bilang pagtalima sa alituntunin ng Department of Budget and Management (DBM), ang mga paglalaanan ng kaukulang pondo ng AIP ay para sa apat (4) na sektor: a) General Public Services Sector, b) Social Services Sector, c) Economic Services Sector at d) 20% Development Fund ay nauukol sa a. Social Development, b. Economic Development at c. Environmental Management;

**SAPAGKAT,** naglaan ng malaking bahagi para sa mga serbisyong pangkalusugan, edukasyon, paglilingkod-lipunan at kapaligiran;

KGG. PATRICK S. DELA CRUZ
KASANGGUNI

KGG. DIONISIO C. MENDOZA
KASANGGUNI

KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO
KASANGGUNI

KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA
KASANGGUNI

KGG. EDGARDO F. DOMINGO
KASANGGUNI

KGG. EMMANUEL R. SACAY
KASANGGUNI

KGG. DENNIS D. SAN DIEGO
KASANGGUNI

KGG. NOEL G. PINEDA
PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD

KGG. FRANCISCO J. CASTRO
KASANGGUNI

KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA
KASANGGUNI

KGG. KIRK LOUIS NICOLAS
KASANGGUNI

KGG. MICHAEL M. AQUINO
KASANGGUNI

KGG. ENRICO C. CAPULE
KASANGGUNI

**SAPAGKAT,** batay sa Seksyon 317 (a) ng R.A. 7160 mas kilala sa taguring Local Government Code of 1991, ang mga programa at proyekto na napaloob sa AIP ay tunay na aagapay sa mga pangangailangan ng mamamayan para sa mas maayos at mabisang pamahalaan, nagtataguyod ng masiglang pang-ekonomiyang gampanin, nagkakalinga sa likas-yaman, nagbubunsod ng matatag na kalalagayang pinansyal sa Pamahalaang Lokal at tinitiyak na ang bawat sektor sa pamayanan ay mapapangalagaan ang mga interes;

**SAPAGKAT,** batay sa Seksyon 16 ng R.A 7160 kilala sa taguring Local Government Code of 1991, na tungkulin ng bawat Pamahalaang Lokal na isulong ang Kagalingang Panlahat at ang Annual Investment Program (AIP) para sa taong 2021 ay isang instrumento sa nasabing tadhanain ng batas.

Sa pamamagitan ng kahilingan ni **Kgg. Nino Carlo C. Bautista** na buong pagkakaisang sinang-ayunan ng lahat, ay

**IPINASIYA,** gaya ng dito ay ginagawang pagpapasiya, na pagtibayin ang Annual Investment Program (AIP) na nagkakahalaga ng DALAWANG BILYON, ANIM NA RAAN AT LIMAMPU'T SIYAM NA MILYON, APAT NA RAAN WALUMPU'T LIMANG LIBO, LIMANG DAAN PITUMPUNG PISO AT PITUMPU'T WALONG SENTIMO (PHP2,659,485,570.78) AT DALAWAMPUNG BAHAGDAN (20%) DEVELOPMENT FUND NA NAGKAKAHALAGA NG ISANG DAAN ANIMNAPU'T PITONG MILYON, DALAWANG DAAN AT LABING ANIM NA LIBO, ANIM NA RAAN DALAWAMPU'T DALAWANG PISO AT WALUMPUNG SENTIMO (PHP167,216,622.80) ng Pamahalaang Lungsod ng Malolos para sa Taong 2021.

**PINAGTIBAY.**

**KGG. FRANCISCO J. CASTRO**
KASANGGUNI

**KGG. KIRK LOUIS NICOLAS**
KASANGGUNI

**KGG. ENRICO C. CAPULE**
KASANGGUNI

**KGG. EMMANUEL R. SACAY**
KASANGGUNI

**KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA**
KASANGGUNI

**KGG. DIONISIO C. MENDOZA**
KASANGGUNI - ABC President

**KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA**
KASANGGUNI

**KGG. MICHAEL M. AQUINO**
KASANGGUNI

**KGG. DENNIS D. SAN DIEGO**
KASANGGUNI

**KGG. EDGARDO F. DOMINGO**
KASANGGUNI

**KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO**
KASANGGUNI

**KGG. PATRICK S. DELA CRUZ**
KASANGGUNI - SK President

PINATUTUNAYAN ko na ang nasabing Kapasiyahang Panlungsod ay pinagtibay ng Sanggunian.

**CRISTINA R. GUTIERREZ, EnP**
Kalihim ng Sangguniang Panlungsod

**PINATUTUNAYAN:**

**KGG. NOEL G. PINEDA**
PANG. PUNONG LUNGSOD - Tagapangulo

*hindi nakadalo

DhorieTrogo(SDC2)*12142020